

**OPISYAL NA PAHAYAG**

Mayo 30, 2020

Pakikipag-ugnay: Sentro ng Pinagsamang Impormasyon ng Lungsod ng Long Beach, 562.570.NEWS, [jic@longbeach.gov](mailto:jic@longbeach.gov)

Para Sa Agarang Pahayag

## **Utos sa Kalusugan ng Long Beach ay Pumayag na Magbukas muli ang Mga Pagupitan at Restawran**

Long Beach, CA - Ang Lungsod ng Long Beach ay mag-iisyu ng bagong utos sa kalusugan ngayon na pumapayag na magbukas muli ang mga pagupitan at mga barbero pati na rin ang mga restawran para sa in-person na kainan kung ang mga negosyong ito ay sumusunod sa mga patnubay na idinisenyo upang protektahan ang mga empleyado at mga patron at kontrolin ang pagkalat ng COVID-19. Sumunod ito matapos ang mga hurisdiksyon sa kalusugan ng Los Angeles County na nakatanggap ng variance mula sa Estado upang payagan ang karagdagang pagbubukas sa Long Beach.

“Sisimulan na naming ngayon ang proseso upang dahan-dahang buksan ang kainan sa restawran at muling payagan ang mga pagupitan,” sabi ni Mayor Robert Garcia. “Naiintindihan namin na maraming mga restawran at salon ay maglalaan ng oras upang magbukas muli at sinusuportahan namin sila ng 100 porsyento. Kailangan nating maging maingat habang mas maraming tao ang nagsisimulang makihalubilo, kaya magsuot ng panakip sa mukha at sumunod sa pisikal na pagdistansya habang tayo ay sumulong.”

Natugunan ng Long Beach ang lahat ng mga kinakailangan upang sumulong sa proseso ng muling pagbubukas. Ang Lungsod ay may malawak na pagsusuri sa komunidad na natatag, na may kapasidad ng higit sa 1,000 katao sa bawat araw, at positibong testing rate na 6.3 porsyento, na nasa ibaba ng kinakailangan ng Estado na 8 porsyento. Ang Long Beach ay may higit sa 90 na mga contact tracer na natatag upang makilala at makausap ang mga nakumpirmang positibong kaso, at may mga plano upang matugunan ang pinaka mahihina sa populasyon tulad ng mga pasilidad sa

long-term na kalusugan at pagbibigay ng matutuluyan sa mga nakakaranas ng kawalan ng tirahan. Ang mga ospital ng Lungsod ay may kapasidad ng higit sa 400, at dagdag na 100 mahigit na handang gamiting sa field ospital sa Long Beach Arena, na isa ring pangunahing tagapaghiwatig na kinakailangan ng Estado.

Ang mga ito at ang iba pang mga positibong tagapaghiwatig ay patuloy na susulong sa mga desisyon at timeline sa pagbubukas ng mga opisyal ng Lungsod.

Ang bagong utos, epektibo ngayon at hanggang sa karagdagang paunawa, ay nanghihiling sa mga pagupitan ng buhok at mga barbero na sundin ang mga sumusunod:

- Mga hakbang sa pisikal na pagdistansya ay ipinapatupad.
- Ang bawat tao, kabilang ang mga kliyente, ay kinakailangang magsuot ng panakip sa mukha habang nasa pagupitan o barbero at ang mga kliyente ay hinihikayat na magsuot ng panakip na may ear loop para masigurado na ang mga panakip ay hindi magiging sagabal sa serbisyo sa buhok.
- Ang mga magazine, kape, at iba pang amenidad ay hindi magagamit.
- Hinihikayat ang mga kliyente na gumamit ng mga credit card at mga sistema sa pagbabayad na walang pagkontak. Kung hindi posible ang pagbabayad gamit ang electronic o kard, ang mga kustomer ay dapat may eksaktong pangbayad ng pera o tseke, kung maaari.
- Ang mga stylist ay maaari lamang mag-serbisyo ng isang kliyente bawat oras.
- Ang pagtitipon sa mga lugar ng hintayan ay ipinagbabawal.
- Ang iba pang mga personal na grooming na negosyo, tulad ng mga nail salon, at mga spa, kasama ang pagmamasaha, facial, at waxing ay ipinagbabawal pa rin.

Bilang karagdagan, ang Utos ay pumapayag na magbukas ang mga restawran ng may pinababang kapasidad para sa in-person na kainan kasama ang mga sumusunod na karagdagang paghihigpit:

- Mga hakbang sa pisikal na pagdistansya ay ipinapatupad.
- Pinapriyoridad ang upuan sa labas at pang-curbside na pickup.
- Hinihikayat ang mga reserbasyon.
- Ang mga kustomer ay hihilingin na maghintay ng kanilang lamesa sa kanilang mga kotse o sa labas ng restawran upang maiwasan ang patitipon ng mga tao.
- Ang mga patron ay kailangan magsuot ng panakip ng mukha kapag hindi kumakain.

- Ang mga tagapagbigay ng pagkain ay dapat magsuot ng parehong panakip ng mukha at shield sa mukha.
- Ang mga bar ay mananatiling sarada.
- Ang panloob at panlabas na kapasidad sa in-person na kainan ay limitado sa 60 porsyento.

Ang pagkilos na ito ay ipinatupad ng Opisyal sa Kalusugan ng Lungsod, Dra. Anissa Davis, at naalinsunod sa Emerhensiyang Kapangyarihan na ibinigay sa Pamamahala ng Lungsod sa pamamagitan ng Proklamasyon ng Lokal na Emerhensiya.

Para sa pinakabagong impormasyon sa COVID-19, at mga detalye sa lahat ng ginagawa ng Lungsod ng Long Beach upang mapanatiling ligtas ang kanilang mga residente, bumisita sa: [longbeach.gov/COVID19](https://longbeach.gov/COVID19) at sundan ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.

###